

Ang wika ng Tayaw bilang daluyan ng pagkakakilanlan ng Benguet

Ramirez, Aldrin T. ✉

Benguet State University Philippines (ramirez.aldren02@gmail.com)

Macwes, Marilyn W.

Benguet State University Philippines (m.macwes@bsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 19 August 2024

Revised: 25 September 2024

Accepted: 1 October 2024

Available Online: 1 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24833

Abstract

Tayaw is an indigenous dance which is considered an important part of any festival in Benguet that needs to be preserved and needs to be revitalized. The Language of Tayaw as a Medium of Benguet's Identity aims to explore the language of Tayaw, its socio cultural implications and how to effectively preserve its practice. This study utilized qualitative method and used descriptive design. The participants in the study were selected elders and leaders of the Ibaloy community in the province of Benguet. It was discovered that the Tayaw express healing of illness or disease, an expression of gratitude, a way of asking blessing from the Almighty, and a way of expressing happiness. The sociological and cultural implications of Tayaw are: a symbol of unity, show of cultural respect, expression of good behavior, instrument for achieving peace, and a medium for cooperation. The effective methods for the preservation of the Tayaw are: it should be included in school activities; people should participate in dancing the Tayaw in a festivals or ceremonies; and conduct competitions related to indigenous dances. Tayaw is an important part of the culture in Benguet which cannot be removed because it played a big role in shaping the good customs and characteristics of the people. It serves as a medium of identity. Studying indigenous practices has proven to be important to better understand and fully recognize a community's language and an important step in cultural preservation.

Keywords: Ibaloy, indigenous dance, identity, Tayaw, language

Ang wika ng Tayaw bilang daluyan ng pagkakakilanlan ng Benguet

1. Abstrak

Ang Tayaw ay isang katutubong sayaw na itinuturing na mahalagang bahagi ng anumang pagdiriwang sa Benguet na kailangang patuloy na pahalagahan at pangalagaan. Hindi ito dapat hayaang makalimutan o mawala. Ang Wika ng Tayaw bilang Midyum ng Pagkakakilanlan ng Benguet ay naglalayong tuklasin ang wika ng Tayaw, ang sosyo-kultural na implikasyon nito at kung paano mabisang mapreserba ang kaugaliang ito. Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwalitatibong metodo at deskriptibong disenyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga piling matatanda at pinuno ng komunidad ng Ibaloy sa lalawigan ng Benguet. Natuklasan na ang Tayaw ay nagpapahayag ng kagalingan ng sakit o karamdaman, isang pagpapahayag ng pasasalamat, paraan ng paghingi ng basbas sa Poong Maykapal, at paraan ng pagpapakita ng kasiyahan o kaligayahan. Ang sosyolohikal at kultural na implikasyon ng Tayaw ay: isang simbolo ng pagkakaisa, pagpapakita ng kultural na paggalang, pagpapahayag ng mabuting pag-uugali, instrumento para sa pagkamit ng kapayapaan, at isang daluyan para sa pagtutulungan. Ang mabisang paraan para sa preserbasyon ng Tayaw ay: dapat itong isama sa mga gawain sa paaralan; ang mga tao ay dapat lumahok sa pagsasayaw ng Tayaw sa mga pagdiriwang o mga seremonya; at dapat magsagawa ng mga patimpalak na may kaugnayan sa mga katutubong sayaw. Ang Tayaw ay isang mahalagang bahagi ng kultura sa Benguet na hindi matatanggal dahil malaki ang naging papel nito sa paghubog ng magagandang kaugalian at katangian ng mga tao. Ang pag-aaral ng mga katutubong gawi ay napatunayang mahalaga upang mas maunawaan at lubos na makilala ang wika at midyum ng pagkakakilanlan ng isang komunidad at ito ay isang mahalagang hakbang sa preserbasyon at pagpapayaman ng kultura.

Susing salita: Ibaloy, katutubong sayaw, pagkakakilanlan, Tayaw, wika

2. Panimula

Ang bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang bansa, bayan, pook, o pamayanan ay may sariling kultura na kinabibilangan. Sila ay may kanya-kanyang taglay na sining, literatura, paniniwala at kaugalian na nagsisilbing pagkakakilanlan ng mga pangkat na ito. Sinaasabing ang salitang kultura ay may katumbas na salitang kalinangan na may salitang ugat na linang (cultivate) at linangin (to develop/cultivate). Kaya ang kalinangan o kultura ay siyang humuhubog sa pag-iisip, pag-uugali, at gawain ng tao (Temperante, 2021). Ang kultura ay ang kabuuan ng pinagsama-samang pananaw ng mga tao sa kanilang lipunan. Nakapaloob sa pananaw na ito ang koleksyon ng mga kaugalian, paniniwala, tradisyon at iba pa. Maaring ang mga pananaw na ito ay pamana pa ng mga naunang henerasyon hanggang sa kasalukuyang panahon (Carlo, 2018).

Nabanggit rin ni Langomes ang pagpapakahulugan nina Panopio et al. (1994) na ang kultura ay pamanang panlipunan ng isang tao o ang mga nakagawiang paraan ng pag-uugali, pag-iisip at pakiramdam. Ito ay naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa isa pa sa pamamagitan ng wika. Ayon naman sa pagpapakahulugan ni Rocher (2004), isang anthropologist, ang kultura ay isang koneksyon ng mga ideya at damdamin na tinatanggap ng karamihan sa isang lipunan. Kaya't nais lamang nitong sabihin na ang isang gawain ay tinatawag na kultura kung ito ay katanggap-tanggap sa karamihan sa loob ng isang komunidad at lipunan (Amparo et al., 2019).

Ang kultura ay mga gawi, kilos at pamumuhay ng tao na nakabatay sa pag-iisip at naibabahagi sa iba sa pamamagitan ng wika na nagbibigay diwa sa anumang kultura. Ito ay nagsisilbing daluyan, impukan at kuhanan ng anumang kultura. Ayon kay Empaynado (2012) ang wika ay nakatali sa kultura. Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan. Ang wika ang kasangkapan sa pagpapadaloy ng kultura, ang kultura naman ang humuhubog sa kung paano gumagana ang wika sa tiyak na lipunan o pangkat ng tao, at ang wika naman ang linggwistikong sagisag ng mamamayang nagsasalita nito na nagbubuklod ng kalinangang

pinagsasaluhan. Ayon kina Santos et al. (2009), matalik na magkaugnay ang wika at kultura kaya sinasabing magkabuhol ang wika at kultura. Hindi maaaring paghiwalayin ang wika at kultura. Ang pagkawala o pagkamatay ng isang wika ay nangangahulugan din ng pagkamatay o pagkawala ng isang kultura (Garcia, 2014). Kung gayon sa pamamagitan ng wika ay naipapahayag ng mga katutubong grupo ang kanilang karunungan, sining, gawi, kaugalian paniniwala, at natatanging pagpapahalaga na kailangang ipamana sa mga susunod na henerasyon sa pamamagitan ng wika. Kung gayon ang pagwiwika ng Tayaw ay nagsisilbing pagkakakilanlan ng mga katutubong mamamayan sa Benguet. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito ay madadagdagan ang kaalaman at makatulong sa pagpapanatili ng kulturang ito.

2.1 Katutubong Sayaw bilang Kultura ng Benguet

Bawat rehiyon ay may natatanging sayaw na maaring ipagmalaki ng mga taong nakatira dito na maaaring simbolo ng kanilang pagkakaisa na makikita sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ito rin ay isang instrumento o daluyan upang maipahayag at maipakita ang iba't ibang saloobin at damdamin. Mula sa mga galaw ng kamay, paa o ng buong katawan ay nagpapahayag ng iba't ibang damdamin na may iba't ibang pagpapakahulugan. Ang mga etnikong grupo ng Benguet ay nagtatanghal ng kanilang mga awit at sayaw sa mga okasyong panlipunan tulad ng Kanyaw. Ang Benguet ay kilala na mayaman pagdating sa mga makukulay at makabuluhang mga kultura lalo na sa kanilang mga katutubong sayaw.

Ayon kay Bedinghaus (2020), ang katutubong sayaw ay isang anyo ng sayaw na binuo ng isang pangkat ng mga tao na sumasalamin sa tradisyunal na buhay ng isang partikular na bansa o rehiyon. Ang mga katutubong sayaw ay maaaring lumitaw nang kusa sa mga grupo ng mga tao o nakuha mula sa mga nakaraang panahon. Ayon rin sa pagpapakahulugan ni Rodriguez (2015), ang katutubong sayaw ay ang pagpapahayag ng iba't ibang saloobin at damdamin. Gumagawa ang mga tao ng iba't-ibang galaw at direksiyon ng katawan gaya ng pagkilos ng kamay at mga paa. Sa pagsasayaw ay nakakadama tayo ng kaginhawaan at narerelaks ang buong katawan. Hanggang sa kasalukuyang panahon ay hindi pa rin nawawala ang tradisyong kinagisnan. Sa pag-aaral naman nina Tullao at Cruz (2015) nabanggit na ang katutubong sayaw ay tinukoy bilang isang tradisyonal na sayaw ng isang partikular na mga tao. Ito ay nagpapakita o nagsasadula ng kanilang mga kaugalian, naglalarawan ng kanilang mga kasuotan at nagsasalarawan ng kanilang likas na kultura. Dapat na malaman at pag-aaralan ang katutubong sayaw ng Pilipinas upang mapanatili ang mga kaugalian at tradisyon ng mga Pilipino. Tulad ng ibang bansa ito ang mga tradisyonal na sayaw na natural at kusang umusbong kaugnay ng pang-araw-araw na gawain at karanasan ng mga taong bumuo nito.

Ang Tayaw ang kilalang katutubong sayaw sa Probinsiya ng Benguet. Ang Benguet ay isa sa mga lalawigan ng Cordillera Administrative Region sa Luzon. Ang Benguet ay binubuo ng mga tribung Kankanaey, Kalanguya, Karaos at Ibaloy. Ito ay binubuo ng labintatlong munisipalidad. Ang Atok, Bakun, Bokod, Buguias, Itogon, Kabayan, Kapangan, Kibungan, La Trinidad, Mankayan, Sablan, Tuba at Tublay. Ang kapital ng Benguet ay ang La Trinidad. Ang kaisa-isang siyudad sa Benguet ay ang Baguio City. Isa sa mga etnikong grupo na nakatira dito ay ang mga Ibaloy/Ibaloi. Ang mga tribung ito ay hindi magkakalayo sa paniniwala, tradisyon, at kultura. Ang tanging pagkakaiba lang nila ay ang pagpapangalan sa kanila sa kani-kanilang mga diyalekto.

Ang Tayaw ay binubuo ng isang pares ng mananayaw: ang manedjaw o lalaking mananayaw at ang meneshung o babaeng mananayaw. Ang manedjaw ay nagsasabit ng dalawang kumot sa kaniyang balikat habang siya ay umiikot na nagsasayaw na sinusundan ng mga tumutugtog ng gangsa at palas. Ang meneshung ay sinusundan ang manedjaw sa kanyang likuran. Umiikot sila ng ilang ulit, sumasayaw na may paluksu-lukso at palaktawlaktaw na nakaunat ang mga braso palabas, ayon sa aklat ng Cordillera Schools Group (CSG) na pinamagatang: *Ethnography of the Major Ethnolinguistic Groups in the Cordillera*. Ang meneshung ay maaari niyang baguhin ang kanyang istilo sa pamamagitan ng paglaktaw at pagkislot habang nakataas ang dalawang braso na katulad ng sa pagsuko. Upang maging kawili-wili ang sayaw, ang isang grupo ay nag-oowag sa pamamagitan ng pagsigaw: "O-oway, hoooh, hoooh!" isang awit na diumano ay para parangalan ang manedjaw lalo na, noong unang panahon, siya ay isang kilalang pinuno sa kanilang nayon, o kung ang kanyang mga ninuno

ay nagsagawa ng mga canao (grand festival kung saan nag-aalay ng mga hayop. Sa kalagitnaan ng Tayaw, ang rice wine (tapey) ay iniaalok sa mga mananayaw at sa mga tumutugtog ng mga instrumento. Kasabay nito, habang pinapatunog ang gangsa ang isang pag-aalay sa pamamagitan ng isang panalangin (da'tok) na ipinapahayag nang malakas sa mga mananayaw.

Layunin ng Pag-aaral - Malaman kung ano ang winiwika ng Tayaw ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito. Mabatid ang mga kultural at sosyolohikal na implikasyon nito at matukoy ang mga hakbang na isinasagawa para sa preserbasyon ng katutubong sayaw na ito. Mahalaga ang pag-aaral na ito para sa mga kabataan sapagkat sa panahon ngayon ang mga kabataan ay nakalilimot na sa kanilang kultura partikular na sa kanilang mga katutubong sayaw. Maaaring ang mga kabataan sa ngayon ay may marunong sa pagsasayaw ng Tayaw ngunit maaring wala o kulang ang kanilang kaalaman kung bakit isinasagawa ang sayaw na ito.

3. Metodolohiya

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng kuwalitatibong pamamaraan at deskriptibong disenyo upang makuha ang mga kinakailangang datos tungkol sa Tayaw bilang daluyan ng pagkakakilanlan ng Benguet. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa isang bagay o paksa. Kadalasan itong naglalayon na makahingi ng opinion o mga bagay na relatibo o nagpapabago sa iba't ibang tao, sa iba't ibang pagkakataon, lugar, o panahon. Ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito ay ang komunidad ng mga Ibaloy sa lalawigan ng Benguet. Ang mga naging kalahok ay ang mga may edad na singkwenta taong gulang (50) pataas. Sila ang may karanasan at kaalaman tungkol sa sayaw na ito. Ginamit sa paglikom ng datos ang mga inihandang gabay sa pakikipanayam. Ito ay naglalaman ng mga katanungan upang makuha ang pananaw ng mga kalahok tungkol sa Tayaw. Gumamit din ang mananaliksik ng selpon para sa pagrekord sa mga kasagutan ng mga kalahok upang masigurong walang makakaligtaang mahalagang pahayag. Ilan sa mga hakbang na isinagawa ang pagsumite ng liham-pahintulot sa mga Punong Barangay sa loob ng komunidad kung saan isinagawa ang pananaliksik. Gumamit ng thematic analysis sa pagsasaayos ng mga nakalap na datos. Ayon kay Jack Caulfield (2022), ang thematic analysis ay isang paraan ng pagsusuri ng kuwalitatibong datos. Karaniwan itong inilalapat sa isang hanay ng mga teksto, tulad ng isang panayam o mga transkrip. Masusing sinusuri ng mananaliksik ang mga datos upang matukoy ang mga karaniwang tema-paksa, ideya at pattern ng kahulugan na paulit-ulit na lumalabas.

4. Pagtalakay sa Resulta

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa Artikulo XIV, Seksyon 17 ng Konstitusyon, na nagsasaad na dapat kilalanin, igalang at pangalagaan ng pamahalaan ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kanilang mga kultura, tradisyon at mga institusyon. Dapat isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbabalangkas ng mga pambansang plano at mga patakaran. At alinsunod na rin ito sa Seksiyon 18 na nagsasaad na dapat pasiglahin at tangkilikin ng pamahalaan ang mga pananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura.

4.1 Ang Winiwika ng Tayaw

Sa pagsusuri sa mga sagot ng mga kalahok, natuklasan na ang Tayaw ay paraan ng pagpapagaling sa sakit o karamdaman, isang pagpapahayag ng pasasalamat, paraan ng paghingi ng basbas kay Kabunyan (Poong Maykapal), at ekspresyon ng kasiyahan o kagalakan.

Pagpapagaling ng Sakit o Karamdaman

Bahagi ng buhay ng isang tao ang pagkakaroon ng karamdaman o sakit. Sa pagkakataong ang isang tao ay nagkakaroon ng isang karamdaman o sakit na hinihinalang kagagawan ng isang masamang ispiritu, dito ginagamit ang Tayaw bilang isang panlunas na ritwal.

K3: Isu ti agas da, dayta ti number one a ketdi idi ngem adda paylang tadda, adda iti napanak idi Friday, inruwar da idjay hospital ta lakay ngarod nga kunada nga older son, inurwar da idjay hospital ket idi insangpetda, nagkanyaw da kasla nagtayaw dagijay minatay na idi, diyay nananang na, tatatang na. Tatta ket binmangon met.

(Ito ang gamot nila, iyan ang pinakauna at hanggang sa ngayon ay ginagawa pa naman. May pinuntahan ako noong Biyernes na inilabas nila sa hospital. Nang naiuwi nila ito, nagsagawa sila ng kanyaw at nagtayaw ang kanilang mga namayapang nanay at tatay at bumangon nga ang maysakit)

K5: Idi kasla nga no agtayaw ka, it's a healing ritwal ta kaspangarigan isublisublim ijay ospital ket haan nga maag agasan umay ti mangsibok, diyay mangdetect nga diyay gayam ket haan nga agasan iti doctor, maagasan gayam iti ritwal.

(Noon kapag magtatayaw ka, ito ay isang panlunas na ritwal kasi pabalik-balik sa ospital at hindi nalulunasan, darating ang mansibok na magsasabing ito ay hindi magagamot ng isang doctor. Ito pala ay nagagamot ng isang ritwal.)

Mula sa mga pahayag ng mga kalahok, makikita na ang Tayaw ay isang panlunas sa sakit o karamdaman ng isang taong hindi nagagamot ng isang doctor. Pinaniniwalaan nila na kapag ang isang karamdaman o sakit na hindi nagagamot ng isang doktor ay mapapagaling sa pamamagitan ng kanilang kaugalian. Ayon kay Catimo (2017), ang mga Ibaloy ay naniniwalang kapag ang isang tao ay nagkasakit, siya ay maaaring nakagambala ng isang *kedaring* (ispiritu ng mga yumaong mahal sa buhay). Sa pamamagitan ng dasal ng lokal na pari na tinatawag nilang *mambunong*, aalamin niya sa *kedaring* kung ano ang kailangan nito. Maaaring hihilingin ng isang *kedaring* ang isang baboy o hayop na kakatayin. Maaari din siyang hihingi ng kasuotan, kumot, tabako at pera na maiaalay at nakalagay sa isang tinatawag na *kiyag*(bilao). Naniniwala ang mga Ibaloy na sa pagtupad ng kahilingan ng isang *kedaring* ay gagaling ang taong may sakit.

Ekspresyon ng Pagpapasalamat

Tuwing may magandang ani o produksiyon sa agrikultura, ang mga magsasaka ay nagpapasalamat kay Kabunyan. Sa pamamagitan ng pagsasayaw ng Tayaw ay naipapakita nila ang kanilang taos pusong pasasalamat kay Kabunyan.

K1: No mayat a diay mula da ket aramiden da nga aramiden ta mayat. Wen, agpasalamat diyay haan nga dakes, agpasalamat ta mayat ti nangyari kasjay.

(Kung sagana ang mga pananim nila ay gagawin at gagawin nila ito. Pagpapasalamat iyon at hindi yun masama. Magpasalamat kasi maganda ang nangyari.)

K4: Wen, no ditoy agriculture, dagijay gamin ket kasla thanksgiving nga agpasalamat ka.

(Kapag sa agrikultura, yan ay parang thanksgiving na ikaw ay nagpapasalamat.)

Sa usapang agrikultural, ang mga Ibaloy ay nagsasagawa ng isang ritwal bilang isang paraan o ekspresyon ng pagpapasalamat kay Kabunyan dahil sa masaganang pananim o ani. Ang Tayaw ay maihahalintulad din sa Tubong dance ng Marinduque sapagkat katulad din ng Tayaw ay hindi lamang ito isinasagawa bilang panlunas sa karamdaman o sakit ng isang tao kundi isinasagawa rin ito bilang ekspresyon ng pagpapasalamat o di kaya'y paggalang. Ayon sa pag-aaral ni Viray (2015) nalaman na ang mga lokal na mamamayan ng Marinduque ay namumuhay na may paniniwala na ang Tubong ay isang paraan upang ipahayag ang kanilang pasasalamat at paggalang, bukod sa pangunahing layunin nitong magpagaling ng sakit o espirituwal na karamdaman ng tao.

Paghingi ng Basbas

Sa mga pagkakataong nalulugi ang mga magsasaka sa kanilang mga pananim o anumang agrikultural na gawain ay nagsasagawa sila ng ritwal upang humiling ng basbas kay Kabunyan na muling pagandahin ang kanilang ani o produksiyon. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ritwal at pagsasayaw ng Tayaw ay naipaparating nila ang kanilang kahilingan kay Kabunyan

K3: Wen, no bumaba ti apit, agritwal da nga kasjay ket pumintas manen ti apit. (Pag bumababa ang ani, magriritwal sila at gaganda ulit ang ani.)

K4: Adda ti kasta ngem dagijay dadduma i-Tayawan da dijay dadduma haan. Ta kasla jay dawwat mo dita no kasta ket bendisyon nga bassit.

(Mayroong ganyan yung iba isinasagawa nila ang Tayaw at yung iba hindi. Parang ang hinihiling mo lang pag ganyan ay kaunting basbas. Humihingi ng kaunting basbas.)

K5: It goes nga nu bumaba jay production, either cattle raising or vegetable farming isu dadjay adda ti aramiden da nga kasjay.

(Kapag halimbawa bababa ang produksiyon maaaring sa pag-aalaga ng baka o pagtanim ng gulay ay may gagawin silang ganyan.)

Ang Tayaw ay hindi lamang isinasagawa bilang pagpapakita ng pagpapasalamat kundi isinasagawa rin ito bilang paraan ng paghingi ng basbas kay Kabunyan upang pagandahin o muling pagandahin ang produksiyon ng kanilang agrikultura, sa pagtanim man o pag-aalaga ng baka. Sa artikulo ni Glynn (2013), sinabing ang mga Igorot ay sumasayaw upang magpagaling, sumamba sa mga ninuno at panginoon upang matiyak ang positibong resulta sa panahon ng digmaan, pag-aani, at kalagayan ng panahon. Makikita na mahalaga ang sayaw na ito para siguraduhing magiging maganda ang resulta ng mga gawaing agrikultural o pagsasaka ng mg Ibaloy.

Ekspresyon ng Kasiyahan o Kagalakan

Bilang pagpapakita ng kasiyahan sa anumang pagdiriwang gaya halimbawa ng kasal, ay nagkakaroon ng pagsayaw. Sa pagsasayaw ng Tayaw ay naipapakita nila ang kanilang labis na kasiyahan sa nagaganap na pagdiriwang. Sa isinagawang pag-aaral ipinapakita na ang Tayaw isang ekspresyon ng kasiyahan o kagalakan sa anumang pagdiriwang.

K1: No ada iti kasaom ijay agkasar ket agtayaw da kano ket kasla kaykayat da pay ta diyay ngarod, ragsak ti kayat na nga sao-en.

(Kung may kakausapin ka na magpapakasal kung puwedeng magtayaw ay gugustuhin nila sapagkat ito ay kasiyahan).

Tunay na ang katutubong sayaw bilang isang ritwal ay nagkakaroon ng iba pang pagpapakahulugan ayon sa layunin ng isang pagdiriwang. Sa pamamagitan ng mga galaw ng anumang bahagi ng katawan at piling mga hakbang sa pagsayaw ay nagiging daluyan ng anumang damdamin gaya ng Tayaw.

4.2 Sosyolohikal at Kultural na Implikasyon ng Tayaw

Sa sosyolohikal at kultural na implikasyon ng Tayaw ito ay isang simbolo ng pagkakaisa, pagpapakita ng kultural na paggalang, pagpapahayag ng mabuting pag-uugali, instrumento sa pagkamit ng kapayapaan, at isang daluyan ng pagtutulungan.

Simbolo ng Pagkakaisa

Sa pamamagitan ng pagsasayaw ng Tayaw ay nagkakaroon ng pagkakaisa ang komunidad. Dahil sa ito ay isang ekspresyon ng kasiyahan walang ibang hangad ang mga tao kundi ang makiisa at makisaya sa anumang gawain.

K1: Urnos iti umili, mayat nga ugali ti tattao. Selebrasyon weno ragsak ti umili kasjay

(Pagkakaisa ng komunidad. Selebrasyon o kasiyahan ng mga tao.)

K3: Kasla isu ti maysa nga ragsak ti tao ta no adda Tayaw ket maurnong da met. Bali urnos ta isu met ti pakaragsakan da ta no adda ti agkanyaw ket alangan no mangan ka ket agawid nga dagos kasla diyay. Isu ti ragsak da idi.

(Ito ay isang kaligayahan ng mga tao kasi pag may Tayaw ay magkakaisa sila. Bilang pagkakaisa kasi ito naman ang kasiyahan nila. Kasi pag may Kanyaw ay hindi naman puwedeng uuwi ka agad pagkatapos ng kainan. Ito ang kasiyahan nila mula noon.)

K5: Diyay unity wen urnos ta habang adda ka idjay nga agtaytayaw, ah there is unity and happiness among the people in the community.

(Yung pagkakaisa, pagkakaisa kasi habang nasa Tayaw ang mga tao ay may pagkakaisa at may kasiyahan anag mga tao sa komunidad)

Ang Tayaw ay isang tradisyon na isinasagawa ng mga tribung Ibaloy noon pa man na bahagi na ng kanilang buhay. Mula sa mga pahayag ng mga kalahok ay sinasabi nila na tuwing nagkakaroon ng Tayaw ay nagkakaisa ang bawat mamamayan sa isang komunidad. Sa pag-aaral ni Mahadi (2012), binanggit ang pagpapakahulugan ni Rocher (2004), isang antropohista, na ang kultura ay isang koneksiyon ng mga ideya at damdamin na tinatangap ng karamihan sa isang lipunan. Mula sa pagpapakahulugan ito ay nangangahulugan lamang na ang isang aktibidad o hindi kaya'y kaugalian ay maituturing lamang na isang kultura kung ito ay tanggap ng karamihan sa isang lipunan. Ibig sabihin lamang nito na ang kultura ay bunga ng pagkakasundo o pagkakaisa ng mga tao tungkol sa isang gawain o kaugalian na naipamana sa mga sumunod pang henerasyon hangang sa kasalukuyan. Sapagkat ang kultura ay nabuo sa pamamagitan ng pagkakasundo o pagkakaisa ng komunidad sa isang lipunan, masasabi nating ito ay nabuo para sa isang partikular na hangarin. Kung gayon, ang Tayaw bilang aktibidad ng mga Ibaloy ay may hangaring pag-isahin ang bawat tao sa isang komunidad.

Pagrespeto sa Kultura

Ang isang ritwal ay gawaing sagrado at maraming mga patakarang kailangang sundin at mga bagay na bawal na gawin ng isang taong kasama sa pagsasagawa nito. Ang sinumang susuway ay pagmumultahin at inaasahang makakatanggap ng parusa mula kay Kabunyan. Dahil dito ay natututo ang mga tao sa komunidad na igalang at higit pang pahalagahan ang kanilang kultura.

K3: Wen santo respeto da metlang iti kultura. Wen respeto launay.

(Respeto nila sa kultura. Respeto ang mahalaga.)

K5: Wen respeto, wen jay ules no diyay ules ket it's a symbol of an honor, kasla ngay isu ti ribbon ngay, you are honored to dance, acceptarem. Wen disiplina, respeto ti kaugalian.

(Respeto sa kultura. Kapag halimbawa yung kumot ay simbolo ng respeto, parang ito ay ribbon)

na karangalan nilang ikaw ay sumayaw. Kaya't dapat mo itong tanggapin. Disiplina at respeto sa kultura.)

Natututunan at lalo pang napapahalagahan ang paggalang o pagrespeto hindi lamang sa sariling kultura kundi pati na rin sa kultura ng iba. Ang paglabag sa kultura o mga kaugalian ay isang hindi magandang gawain at inaasahang magkakaroon ng karampatang parusa mula kay Kabunyan. Sadyang likas na sa mga taga-Benguet ang pagiging marespeto sa kanilang kultura at maging sa kultura ng iba dahil na rin sa kanilang natatanging tradisyon o kaugalian na tinatawag na Inayan na isang makapangyarihan salita.

Ayon sa pag-aaral ni Leyaley (2016) ang salitang Inayan ay nalaman na katumbas o buod ng sampung utos (Ten Commandments). Ang Inayan ay tinukoy na tanging utos na ibinigay ni Kabunyan sa mga Igorot na magkaroon ng isang mapayapa at progresibong buhay; ito ay isang prinsipyo na nagbubunga ng lahat ng mga pagpapahalaga tulad ng paggalang, pag-ibig at kapayapaan; at ito ay isang prinsipyo ng hindi paggawa ng masama sa iba. Dahil sa kaugaliang Inayan, nakatutulong ito upang maging likas sa kanila ang pagiging marespeto sa lahat ng bagay.

Instrumento sa Pagkamit ng Kapayapaan

Ang Tayaw ay maituturing na instrumento sa pagkamit ng kapayapaan sapagkat sa pagsasagawa nito ay nagkakaroon ng pagkakasundo ang mga tao. Ito ay isang pangkomunidad na gawain na kung saan ang mga tao ay nagkakasundo sa lahat ng bagay.

K4: Wen, awan met ti ag-abuso piman.

(Wala namang nang-aabuso.)

K5: There is peace in the community.

(Kapayapaan sa komunidad.)

Ayon kay Paragas (2006) ang kultura ang siyang gumagabay sa ating mga Pilipino. Sapagkat sinasabing ang kultura ay ang mga bagay, gawain, kaugalian at iba pa na napagkasunduan ng nakararami at katanggap-tanggap sa isang komunidad, malinaw na ito ang nagsisilbing gabay upang magkaisa at maasam ang pinapangarap na kapayapaan.

Daluyan ng Pagtutulongan

Sapagkat ang Tayaw ay isang gawaing pangkomunidad nagsisilbi itong daan upang magtulungan ang mga tao. Sa pagsasagawa ng Tayaw ay malayang tumulong ang sinumang nais tumulong nang walang hinihiling na kapalit o bayad. Bahagi rin ito ng pagpapakita ng pagsuporta sa pangangailangan partikular sa mga material na bagay tulad ng pera, bigas, mga hayop na kakatayin at iba pang pangangailangan bilang bahagi ng pagdiriwang.

K1: Tinnulong, no kaspangarigan adda kano ti kwa ket kurang kwarta da ket adda met ti itulong da.

(Pagtutulongan, pag halimbawa ay mayroon daw nagkaproblema at kulang sila sa pera ay mayroon naman silang tulong.)

K4: Jay panagtitinnulong, makitam met piman ti rigat dagitoy babaro nga mang assiw ti baboy kaskada kwa. No apan ka agpakayo ket nagado da met nga mapan agkayo piman. Kastoy ditoy, no sino ti interesado ket tumulong. Ibagam lang ijay umili ket alisto da met piman.

(Yung pagtutulongan, makikita naman natin ang hirap ng mga binata na nagbubuhay ng mga baboy at iba pa. Pag hihingi ka ng tulong upang manguha ng kahoy ay marami naman silang tutulong. Ganito rito, kung sino ang interesado ay tutulong. Sasabihin mo lang sa komunidad ay alerto sila.)

Mahihinuha na pagdating sa ganitong mga pangyayari ay nagkakasundo ang mga tao at nagkakaroon ng pagkukusa sa kanilang mga sarili upang tumulong sa pagsasagawa ng kanilang tradisyon at paniniwala nang walang hinihinging kapalit. Sa pag-aaral nina Botangen et al. (2017) nalaman na likas sa kultura ng mga Igorot ang isang kaugaliang tinatawag na Binnadang. Isang tradisyon na nakasanayang pagtulong lalo na sa mga nangangailangan. Karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagbubuluntaryo ng sarili sa mga trabahong pangkomunidad o hindi kaya'y pag-aambag ng kahit na anong bagay na mayroon sila sa oras ng pangangailangan ng iba. Bunga ng kaugalian o tradisyong Binnadang at Aduyon (Benguet) ay nagagawang magtutulong ng mga tao sa lahat ng bagay tulad ng mga gawaing pangkomunidad, o di kaya'y mga bagay na may kinalaman sa kanilang mga kultura.

4.3 Mga Paraan para sa Preserbasyon ng Tayaw

Ang isang mabisang paraan sa preserbasyon ng Tayaw ang pagdaragdag nito bilang mahalagang aktibidad sa paaralan. Ang mga tao ay dapat lumahok sa pagsasagawa ng Tayaw sa mga pagdiriwang o mga seremonya. Mahalaga rin na magsagawa ng mga patimpalak na may kaugnayan sa mga katutubong sayaw.

Mahalagang Aktibidad sa Paaralan

Sa isinagawang pakikipanayam, ang isa sa pinakaunang hakbang na isinagawa para sa preserbasyon ng Tayaw ay ang pagdaragdag nito bilang aktibidad ng mga mag-aaral sa bawat paaralan

K3: Idi haan ta madi da ngarod nga tukarem ti gangsa no awan ti dahilan ngem no tatta atleast met ketdi dita ni eskwelaan isunga ikwa-kwa da diyay culture. Adda ti mangisursuro ti culture idjay eskwelaan isunga inayon da.

(Noon ayaw nilang patugtugin ang Gangsa ng walang dahilan. Pero ngayon kahit papano naman ay nabuksan dito sa paaralan. May nagtuturo ng kultura sa paaralan kaya idinaragdag nila ito.)

K4: Aktwali ket eskwelaan ti nang adap piman dita, nainayon nga kasla maysa nga activity da.

(Sa katunayan ang umangkin dito ay ang paaralan. Naidagdag ito bilang isa sa mga aktibidad nila.)

K5: No tatta nga tyempo ket naiopen iti eskwelaan isu nga idtoy eskwelaan ket adda ngay iti instruments nga pagpraktisan ti eskwela. That is a way of preserving.

(Ngayong panahon ay binuksan na yan sa mga paaralan. Pinayagan ng mga matatanda na mabuksan ito sa mga paaralan kaya dito sa mga eskwelahan ay mayroon silang mga instrumento na ginagamit ng mga estudyante upang matuto. Iyan ang isa sa mga paraan ng pagprepreserba.)

Sa ipinasang mga batas pangkultura, nakasaad sa Artikulo XIV, Seksiyon 14-18 ng Konstitusyon ng 1987 partikular na sa Seksiyon 17, nagsasaad na dapat kilalanin, igoalang at pangalagaan ng estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kanilang mga kultura, ang tradisyon at mga institusyon. Dapat isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbabalangkang ng mga pambansang plano at mga patakaran. Mula sa batas pangkultura na ito ay masasabing suportado ng estado ang naging hakbang ng komunidad para sa preserbasyon ng kanilang kultura.

Mula sa mga pagdiriwang na ito ay kasama na ang pagpapakita ng mga pamanang kultura, gawi, at mga tradisyon. Ito ay mga mahahalagang pagdiriwang na nakakatulong upang mas lalong mapagyaman o mapaunlad pa ng mga katutubo ang kani-kanilang mga kultura. Tunay na malaki ang gampanin ng institusyong edukasyonal para sa preserbasyon ng isang kultura

Pakikilahok sa mga Pagdiriwang o Seremonya

Sa mga pagdiriwang o seremonya ay nagkakaroon ng handaan at sayawan. Maaaring ito ay kasal, kaarawan, piyesta at iba pa. Sa isinagawang pag-aaral, ang isa sa mga isinasagawa nila upang matutunan ang Tayaw ay ang pakikilahok sa mismong pagdiriwang o seremonya. Ito ay makikita sa mga pahayag ng mga kalahok.

K1: Mabalin met nga adalen da. No agtutulag da pay kastoy no malpas nga agtayaw dagitoy lalakay dagitoy ubbing ti maisukat tapno adalen da kasjay.

(Puwede naman nilang pag-aralan. Pag napagkasunduan pa na pagkatapos magtayaw ng mga matatanda ay papalit ang mga mas nakababata upang pag-aralan nila.)

K4: Agsursuro kami no adda kanyaw inya tapos medjo sinmadot dagijay lalakayaen, no adda agayayam nga ubing ket baybayam mon. Mabalin mo pay nga surwan.

(Nagsasanay kami pag halimbawa napagod na ang mga matatanda, kapag may batang magsasanay ay hahayaan mo lang at maaari mo pa silang turuan.)

Mula sa mga kalahok, nalaman na isa sa mga nakakatulong para sa preserbasyon ng Tayaw na ginagawa ng mga komunidad ay ang mismong pakikilahok sa tuwing may pagdiriwang o seremonya na idinadaos. Sa pamamagitan ng pakikilahok ay nagkakaroon ng pagkakataon upang matutunan o mapag-aralan ang isang kultura. Ayon sa pag-aaral ni Egorov et al. (2019), nalaman na ang kondisyon para sa matagumpay na pagpreserba ng pagkakakilanlan ng ng mga tao at pag-unlad ng etnokultural ay ang interaksyon ng mga istruktura ng mga organisasyong pangkultura at institusyong pang-edukasyon- paaralan, pamilya, media, institusyong pangkultura, pampubliko organisasyon, at lokal na awtoridad

Pagsasagawa ng Patimpalak

Ang patimpalak ay isang aktibidad na isinasagawa na kung saan may mga ilang grupo o indibidwal na nagtatagisan ng galing sa pagsasayaw, pagkanta, at iba pa upang sila ay manalo. Isa rin sa mga sinabi ng mga kalahok na paraan na isinasagawa ng kanilang komunidad na nakakatulong sa preserbasyon ng Tayaw ay pag-oorganisa ng paaralan ng patimpalak sa tuwing may piyesta sa kanilang komunidad na hindi lamang ang mga mag-aaral ang nasasangkot kundi kasama ang buong komunidad.

K4: Adda kumpetisyon ditoy, per munisipyo.

(May kumpetisyon per munisipyo.)

Sa isinagawang pakikipanayam, isa sa mga sinabi ng mga kalahok na paraan nila para sa preserbasyon ng Tayaw ay ang pagsasagawa ng mga kumpetisyon na lahat ng kawani sa munisipyo ay imbitado. Kadalasang ang mga kumpetisyong ito ay isinasagawa sa tuwing may piyesta sa kanilang komunidad.

K5: Ah, previously, nag-organise da jay kanya kanyang eskwelaan iti competition.

(Kumakailan lang ay nag-organisa ang kanya-kanyang paaralan ng patimpalak.)

Malinaw sa mga pahayag ng mga kalahok na nakatutulong sa preserbasyon ng Tayaw ang pagsasagawa ng patimpalak na maaaring kasangkot ang mga paaralan at komunidad. Sa partisipasyon sa mga patimpalak sa mga

piyesta na isinasagawa tulad ng Adivay festival ay patuloy na napapanatili ang Tayaw bilang bahagi ng kultura ng Benguet. Ayon kay Cawas (2021), ang Adivay ay isang Agri-Tourism festival na nakatuon sa muling pagtuklas sa mayamang kasaysayan, kultura, sining, kalakalan, at industriya ng Benguet. Ang pagdiriwang na ito ay naging instrumento sa pagkakabuklod-buklod na patuloy na nagpapakita ng pagtutulungan ng mga etnikong grupo sa Benguet. Tunay na nga iba't ibang pagdiriwang o piyesta ay may malaking papel sa preserbasyon ng anumang tradisyon at paniniwala.

5. Konklusyon at Rekomendasyon

Napatunayang mahalaga ang pag-aaral sa isang kultura ayon sa wikang gamit ng isang etno-lingguwistikong grupo. Higit na naunawaan at nakikilala pa nang lubusan ang isang pangkat. Nadadagdagan din ang kaalaman sa mga katutubong grupo (Indigenous Group). Tunay na ang Tayaw ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng mga tao sa Benguet partikular na ang mga Ibaloy at Kankanaey. Ito ay hindi maaaring alisin sapagkat ito ay bahagi na ng kanilang pamumuhay. Malaki ang naging papel nito sa paghubog sa kanilang magagandang kaugalian at katangian. Sumasalamin din ang mga katutubong salita na nakaugnay sa Tayaw ang yaman ng isang katutubong wika. Mahalagang hakbang din ang pag-aaral na ito para sa preserbasyon ng isang natatanging gawi o kaugalian partikular ng isang katutubong sayaw na maaaring maipamana sa mga susunod na henerasyon. Higit pang pagyamanin ang pag-aaral ng kultura sa iba't ibang etno-lingguwistikong grupo upang mapapahalagahan nang lubusan ang kanilang pagkakakilanlan. Nararapat na magkaroon ng integrasyon ng wika at kultura sa pag-aaral dahil ang mga mag-aaral, guro at komunidad ay mahalagang instrumento sa preserbasyon ng wika at kultura. Ang Tayaw ay nagsisilbing identidad ng mga etnikong grupo sa Benguet.

6. Talasanggunian

- Alfonso, K. (2017). Kulturang Kankanaey. Prezi. <https://prezi.com/qme7ukf6zr07/kulturang-kankana-ey/>
- Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987). Official Gazette. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>
- Bedinghaus, T. (2020). Folk dance: mga kahulugan at istilo. Eferrit.com. <https://tl.eferrit.com/folk-dance-mga-kahulugan-at-estilo/>
- Bisa, S. (1991). Wika at kultura: pagsasalang pagpapakahulugan. Philippine E-Journals. <https://ejournals.ph/article.php?id=7757>
- Botangen, K. (2017). Preservation of indigenous culture among indigenous migrants through social media: The Igorot people.
- Catimo, G. (2017). Benguet and Ibaloy culture. Icbe.eu. <https://www.icbe.eu/consultations/137-9th-icbe-consultation/857-benguet-and-ibaloy-culture>
- Caulfield, J. (2022). How to do thematic analysis: Guides and examples. Scribbr. <https://www.scribbr.co.uk/research-methods/thematic-analysis-explained/>
- Cawas, K. (2021). Benguet Adivay Festival celebrated in Canada. Guru Press Cordillera. <https://www.gurupress-cordillera.com/post/benguet-ativay-festival-celebrated-in-canada>
- Chanco, M. (1980). Feast and ritual among the Karao of Eastern Benguet. University of the Philippines Diliman. <http://philippineperformance-repository.upd.edu.ph/2299/>
- Clariza, E. (2010). Philippines: Indigenous peoples of Luzon/The Cordilleras. University of Hawaii. <https://guides.library.manoa.hawaii.edu/c.php?g=105238&p=687381>
- Clark, J. (2021). Ibaloy spirits, rituals, tattoos, mummification, and the mambunong (shaman). The Aswang Project. <https://www.aswangproject.com/ibaloy-spirits-tattoos-shaman/>
- De Leon, A. (2016). Ethnomycological survey of the Kalanguya indigenous community in Caranglan, Nueva Ecija, Philippines. Current Research in Environmental & Applied Mycology. https://www.creamjournal.org/pdf/Cream_6_2_1.pdf
- Fiar-od, C. (2014). Ethnic dances in Mountain Province. Icbe.eu. <https://www.icbe.eu/mprovince-articles/677-ethnic-dances-in-mountain-province>

- Egorov, M. (2019). Folk dance as a means of preserving and transmitting the ethnocultural traditions of the Sakha people at school. Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/978-94-6366-246-0_8
- Feliciano, D. (2019). The concept of “Inayan” among the Igorots. The Cordilleran Sun. <https://www.cordilleransun.com/2019/12/the-concept-of-inayan-among-igorots.html>
- Garcia, M. (2014). Ang relasyon ng wika at kultura. Scribd. <https://www.scribd.com/doc/202499893/Ang-Relasyon-Ng-Wika-at-Kultura>
- Leyaley, R. (2016). Inayan: The tenet for peace among Igorots. GreenField Advanced Research Publishing House. <https://garph.co.uk/IJARMSS/Feb2016/19.pdf>
- Mainar, E. (2019). Wika. Prezi. https://prezi.com/p/zkousy_9ps4s/filipino/
- Marticio, E. (2019). Level of familiarity of Kankana-Ey students in Tayaw. Ascendens Asia Research Index. <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/12269>
- Rodriguez, M. (2015). Mga katutubong sayaw sa Pilipinas. Prezi. <https://prezi.com/rom4my3bydu5/mga-katutubong-sayaw-sa-pilipinas/>
- Temperante, M. (2021). Panariling panayam kay Dr. Florintino Tajero Timbreza, Ph.D. Studypool. <https://www.studypool.com/documents/4203309/panariling-panayam-kay-florentino-timbre>
- Tullao, M., & Cruz, E. (2015). Philippine folk dance through the eyes of the Maloleno youth. 1Library. <https://1library.net/document/z11jdk8z-philippine-folk-dance-eyes-maloleno-youth.html>
- Viray, B. (2015). Tubong Putong in Marinduque as a ritual dance of healing, thanksgiving, and veneration. University of the Philippines Diliman. https://pages.upd.edu.ph/sites/default/files/bryviray/files/1-6_viray-tubong.pdf